SALIGANG BATAS
BUKLURANG BISIG NG MGA KAWANI
SANTA CRUZ WATER DISTRICT
(BBK-SCWD)



PREAMBULO

KAMI, mga kawani ng Santa Cruz Water District, na kumikilala at nakakadama ng pangangailangang magtatag ng isang makabayan, progresibo at mulat na samahan ng mga kawani, na siyang magsusulong, magtataguyod at magtatanggol sa mga karapatang demokratiko at pangkabuhayan, gigising at magpapataas sa kamalayang makabayan at tunay na diwa ng lingkod –bayan, sa gabay ng Dakilang Lumikha at pagkilala sa Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas, ay buong pagkakaisang pinagtitibay at itinataguyod ang Saligang Batas na ito.

ARTIKULO I
PANGALAN, SAGISAG AT TANGGAPAN

SEKSIYON 1. Ang Unyong ito ay makikilala at tatawagin na BUKLURANG BISIG NG NG MGA KAWANI NG SANTA CRUZ WATER DISTRICT (BBK-SCWD).

SEKSIYON 2. Ang opisyal na sagisag ay patak ng tubig sa gitna ng tatlong bisig na na mahigpit na magkahawak na may putol na tanikala na nilulusaw ng matinding patak ng tubig. Ang papasikat na liwanag ng araw sa likuran ng patak ng tubig na siyang gumagabay sa maliwanag na layunin ng samahan, at mga bilang na 07-25-08 na sumasagisag sa buwan, araw at taon na itinatag ang samahan. Ang kulay na asul na simbolo ng mga kawani ng SCWD at busilak na patak ng tubig na simbolo ng kadalisayan ng layunin ng pagkakatatag ng samahan. Ang tanikala na kumakatawan sa malalim at malubhang suliranin ng ating pamayanan at pamahalaan, na kung saan ang bawat kawani ng SCWD ay apektado at dumaranas nito, ang mga dahong pumapalibot sa putol na tanikala na simbolo ng panibagong pag-usbong ng lahat ng mga layunin at mithiin ng samahan.

SEKSIYON 3. Ang tanggapan ng samahan ay matatagpuan sa daang A. Mabini, Barangay II Poblacion, Santa Cruz, Laguna.

ARTIKULO II
PANGALAN NG TANGGAPANG PINAGLILINGKURAN

SEKSIYON 1. Ang lahat ng mga kasapi ng samahan ay opisyal na naglilingkod sa tanggapan ng Santa Cruz Water District na may tanggapan sa daang A. Mabini, Barangay II, Poblacion, santa Cruz, Laguna.

ARTIKULO III
PAHAYAG NG MGA LAYUNIN

SEKSIYON 1. Itinatag ang samahang ito na siyang kakatawan sa lahat ng mga kawani ng Santa Cruz Water District upang maitaas at maipaglaban ang lahat ng karapatan ng isang manggagawa na makamit ang lahat ng biyayang nararapat para sa kanila, tulad sa paghahain, pakikipagkasundo at pagkakamit ng isang makatarungan COLLECTIVE NEGOTIATION AGREEMET sa pamunuan ng tanggpan ng Santa Cruz Water District.

SEKSIYON 2. Itaas ang antas kalagayang moral, panlipunan at pangkabuhayan ng lahat ng kasapi ng samahan.

SEKSIYON 3. Ipagtanggol at itaguyod ang lahat ng mga pangunahin at pangkalahatang karapatan ng mga kasapi ng samahan .

SEKSIYON 4. Itaguyod ang isang pantay, makatao, mahusay at payapang ugnayan ng samahan at pamunuan ng tanggapang pinaglilingkuran.

SEKSIYON 5. Magsikap, makiisa, makipagtulungan at makipag-ugnayan sa lahat ng gawaing magpapatibay ng mga batas, patakaran, hakbangin at alituntunin na magsusulong sa kapakanang pangkabuhayan at panlipunan ng lahat ng kasapi ng samahan sa ibang tanggapan ng pamahalaan.

SEKSIYON 6. Itaas ang kamulatan ng lahat ng kasapi ng samahan hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng mga kawani ng pamahalaan, pangunahin ang mga kawani ng mga tanggapan ng Water Districts, at bumalangkas at magbuo ng isang matatag na ugnayan ng lahat ng mga kawani ng nasabing mga tanggapan.

ARTIKULO IV
KASAPIAN

SEKSIYON 1. Ang pagsapi sa samahan ay bukas sa lahat ng sinumang kawani ng Santa Cruz Water District, ayon sa itinatadhana ng Komisyon ng Serbisyo Sibil, na may kahandaang ipaglaban at manindigan at magtaguyod sa lahat ng adhikain, layunin, programa at mga palatuntunan ng BBK-SCWD at ng Saligang Batas nito.

SEKSIYON 2. Ang mga sumusunod ang mga tungkulin ng bawat kasapi:

a. Manindigan, itaguyod at tuparin ang Saligang batas ng BBK-SCWD.
b. Itaguyod at isagawa ang lahat ng mga programa, patakaran at mga desisyion ng Pangkalahatang Kapulungan (General Assembly) at ng Konseho ng Samahan.
k. Aktibong makilahok sa lahat ng pagpupulong at mga gawain ng samahan.
d. Pangalagaan ang karangalan, adhikain at layunin ng samahan.
e. Itaguyod ang tunay na pagkakaisa, pagtutulungan, pagdadamayan at kapatiran ng lahat ng kasapi ng samahan.
g. Palagiang magbigay ng ulat sa Samahan sa mga suliranin at isyu na kinakaharap ng bawat kasapi ng Samahan.
h. Regular na magbayad ng mga itinakdang bayarin ng bawat kasapi ng Samahan gaya ng buwanang butaw at mga kontribusyon.
i. Paghusayin ng lubos ang pagganap sa tungkulin ng bawat isang kasapi upang lubos na mapaglingkuran ang ating pamayanan na madulutan ng ligtas, malinis at sapat na tubig.

SEKSIYON 3. Ang mga karapatan ng mga kasapi na may katayuang permanente/regular.

a. Maghalal at mahalal sa Konseho ng Samahan, sa mga Lupon at Grupo ng mga Kawani.
b. Mahirang sa mga regular na Lupon at mga Lupon na itatatag at bubuuin ng Samahan.
k. Maghain ng mga mungkahi, pahayag, karaingan, at kahilingan sa mga pagpupulong para sa mga layuning mapaunlad at mapatatag ang samahan.
d. Makilahok at makiisa sa mga pag-aaral, pagsasanay at pagtuturo na ilulunsad ng Samahan para sa mga kasapi nito.
e. Mabigyan ng kaalaman ukol sa mga tala, ulat, katayuang pananalapi at mga gawain at programa ng Samahan.
g. Maghain ng reklamo o hinaing sa sinumang kasapi o namumuno ng Samahan na lumalabag sa mga patakaran at alituntunin ng Samahan para sa karampatang aksiyon at paglalapat ng disiplina.
h. Makamit ang makatarungang proseso para maipagtanggol ang sarili laban sa anumang reklamong inihain laban sa kanya.

i. Makamit at tamasahin ang lahat ng mga benepisyong nakalaan para sa mga kasapi ng Samahan.

SEKSIYON 4. Ang mga kasaping kontraktuwal, anumang kategorya nito at kasaping nabibilang sa Division Managers (SG22) ay tatamasahin at makakamit ang lahat ng karapatan, maliban sa mahalal sa Konseho ng Samahan at sa pamunuan ng Grupo ng mga Kawani. Ngunit sila ay maaaring mahirang sa Regular na Lupon o sa mga lupon na itatatag ng Samahan

SEKSIYON 5. Ang pagiging kasapi ng Samahan ay maaaring mawalan ng bisa sa pamamagitan ng pagbibitiw sa tanggapan at sa Samahan, pagkatanggal sa tungkulin at pagkatiwalag sa Samahan ng naaayon sa tamang proseso.

SEKSIYON 6. Ang pagbibitiw ng sinumang kasapi ng Samahan ay nararapat na isagawa ng nakasulat at may kalakip na paliwanag at nakatukoy sa Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 7. Ang sinumang kasapi ng Samahan na lalabag sa Saligang Batas nito at mga kaakibat na patakaran at alituntunin ay papatawan ng karampatang aksiyong pangdisiplina, mula sa unang pagpuna, matinding pagpuna, suspensiyon, hangang sa pagkatiwalag, matapos dumaan sa makatarungang proseso ng pagdinig at paglilitis.

ARTIKULO V
PANGKALAHATANG KAPULUNGAN

SEKSIYON 1. Ang Pangkalahatang Kapulungan (General Assembly) ang pinakamataas na kalipunan ng Samahan na siyang magbabalangkas, mag-aaral at magpapatibay ng lahat ng mga patakaran nito. Ito ay binubuo ng lahat ng mga kasapi ng Samahan.

SEKSIYON 2. Ang Pangkalahatang Kapulungan ay may mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin gaya ng mga sumusunod;

a. Pag-aralan at pagtibayin ang mga programa, alituntunin at patakaran na ihahain at iminumungkahi ng mga kasapi at ng Konseho ng Samahan.
b. Maghalal at magtanggal sa sinumang pinuno ng Konseho ng Samahan.
k. Susugan at amendayahan ang Saligang Batas at mga alituntunin at patakaran ng Samahan.

SEKSIYON 3. Ang Pangkalahatang Kapulungan ay magdaraos ng regular na pagpupulong dalawang beses sa loob ng isang (1) taon, sa petsa at lugar na itatakda ng Konseho ng Samahan. Ang mga di-pangkaraniwang pulong ng Pangkalahatang Kapulungan ay maaaring ipatawag ng Konseho ng Samahan sa pamamagitan ng 30% ng bilang ng kabuuang kasapi ng Samahan.

SEKSIYON 4. Isang (1) linggo bago ganapin ang bawat pagpupulong ng Pangkalahatang Kapulungan, ipararating ng Konseho ng Samahan sa bawat kasapi ang lugar ng pagpupulungan at ang mga adyenda sa pulong.

ARTIKULO VI
KONSEHO NG SAMAHAN

SEKSIYON 1. Ang Konseho ng Samahan ang pinakamataas na kalipunan ng Samahan na siyang tumatayong tagapagpaganap. Ito ay binubuo ng Pangulo, dalawang (2) Pangalawang Pangulo, Kalihim, Ingat-Yaman, Tagasuri, dalawang (2) opisyal sa Relasyong Pangmadla at apat (4) Kinatawan mula sa 3 dibisyon at grupo ng tanggapan at tatlong (3) mga Tagapayo.

SEKSIYON 2. Ang Konseho ng Samahan ay may kapangyarihan at tungkulin gaya ng mga sumusunod;

a. Iulat sa Pangkalahatang Kapulungan ang lahat ng kaganapan sa palakad at operasyon ng Samahan.
b. Magbalangkas at maghain ng pangkalahatang pagtatasa, mga programa, balakin, at iba pang mga gawain at patakaran ng Samahan sa Pangkalahatang Kapulungan.
k. Ipatupad ang pangkalahatang programang pinagtibay at isakatuparan ang iba pang mga gawaing itinalaga ng Pangkalahatang Kapulungan.
d. Magbuo ng mga Lupong kinakailangan upang lubos na maisakatuparan at maisagawa ang mga programa ng Samahan.
e. Magbuo ng mga programa para sa pananalapi at gastusin ng Samahan.
g. Maghirang ng kapalit sa mga bakante o mababakanteng pinuno ng Konseho ng Samahan.
h. Pangunahan at pangasiwaan ang pagbuo ng mga Grupo ng Kawani.

SEKSIYON 3. Ang karaniwang pagpupulong ng Konseho ng Samahan ay gaganapin ng buwanan, samantalang ang mga di-karaniwang pagpupulong ay maaaring ipatawag ng Pangulo o ng mayoryang bumubuo sa Konseho ng Samahan sa bilang 50 bahagdan at karagdagang 1 (50% + 1). Limang (5) araw bago ang pagpupulong ng Konseho ng Samahan, ang Kahilim ay magpapaabot ng kalatas hinggil sa lugar, oras at adyenda ng pagpupulungan.

SEKSIYON 4. Ang Pangulo ng Konseho ng Samahan ay may mga tungkulin gaya ng:

a. Mamuno sa pangkalahatang pangangasiwa ng Samahan.
b. Mamuno sa pulong ng Pangkalahatang Kapulungan at sa Konseho ng Samahan.
k. Mamuno sa pagpapatupad ng mga programa, layunin, patakaran at mga desisyon ng Samahan.
d. Maghirang mga bubuo ng regular na Lupon at iba pang mga lupon na kinakailangan ng Samahan, na kinakailangan din sang-ayunan ng Konseho ng Samahan.
e. Maging "ex-officio member"ng lahat ng Regular na Lupon at ng mga lupon na itinatag ng Konseho ng Samahan.
g. Katawanin ang Samahan sa mga opisyal na gawain at aktibidades.
h. Lumagda sa mga opisyal na komunikasyon ng Samahan.
i. Gumanap ng iba pang mga gawain na iaatas ng Pangkalahatang Kapulungan at ng Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 5. Ang Pangalawang Pangulo ay may mga tungkulin gaya ng:

a. Humalili sa Pangulo sa panahong pansamantala o permanenteng bakante ang posisyon.
b. Tulungna ang Pangulo sa pagpapatupad ng mga programa, patakaran at desisyon ng Samahan.
k. Pamunuan ang Lupon ng Hinaing at Arbitrasyon.
d. Gumanap sa iba pang tungkulin na iaatas ng Konseho ng Samahan at ng Pangulo.

SEKSIYON 6. Ang Kalihim ay may mga sumusunod na tungkulin:

a. Pangalagaan ang lahat ng mga mahahalagang tala at dokumento ng Samahan.
b. Ihanda, itala at ingatan ang lahat ng papeles at dokumento ng Samahan, katitikan ng lahat ng mga pagpupulong ng Pangkalahatang Kapulungan at ng Konseho ng Samahan.
k. Pamunuan ang Lupon sa Organisasyon.
d. Gumanap ng iba pang gawain na iaatas ng Pangulo at ng Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 7. Ang Ingat-Yaman ay may mga tungkuling sumusunod;

a. Pangalagaan ang pananalapi, kagamitan at iba pang pag-aari ng Samahan.
b. Maghanda ng maayos na tala ng mga butaw at iba pang kontribusyon ng Samahan, at makipag-ugnayan sa Finance at Administrative Division upang tiyak na makolekta ang bawat butaw at kontribusyon ng lahat ng kasapi.
k. Maging kasama ng Pangulo sa lahat ng opisyal na transaksiyon sa bangkong napagkaisahang paglagakan ng pondo ng Samahan.
d. Pamunuan ang Lupon sa Pananalapi ng Samahan.

SEKSIYON 8. Ang Tagasuri ay may mga tungkuling sumusunod;

a. Suriin ang mga pampinansiyal na transaksiyon ng Samahan at mga dokumentong kaugnay nito tuwing sasapit ang ikatlong buwan.
b. Maging "ex-officio member" ng Lupon sa Pananalapi.
k. Magpanukala ng mga patakaran para sa mas higit na epektibong pagsusuri, paggastos at pangangalaga ng pananalapi ng Samahan.
d. Gumanap ng iba pang mga tungkulin na iaatas ng pangulo at ng Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 9. Ang mga Pinuno sa Relasyong Pangmadla ay may mga tungkulin na:

a. Pangasiwaan at isagawa ang mabilis at mahusay na paglalahad at pagpaparating ng mga kaugnay na kaalaman at impormasyon ukol sa mga programa, balakin at pagawain ng Samahan sa mga hanay ng kasapi at mga nakatayong Grupo ng mga Kawani.
b. Bumalangkas ng mabisang paraan ng pakikipag-ugnayan sa pamayanan, media, mga samahan at organisayon na matatagpuan sa nasasakupan at sa labas ng bayan ng Santa Cruz.
k. Maging kasapi ng Lupon sa Edukasyon at manguna sa pamamahagi ng pahayagang ililimbag ng Samahan para sa mga kasapi nito at sa iba pang mga organisasyong may kaugnayan sa Samahan.
d. Gumanap sa iba pang mga gawain na iaatas ng Pangulo at ng Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 10. Ang mga Kinatawan ay may mga tungkuling sumusunod:

a. Tumulong sa pangkalahatang pamumuno at pangangasiwa ng Samahan sa ng pamamagitan ng pamumuno o pagiging kasapi ng mga Regular na Lupon at iba pang Lupon na itatatag ng Konseho ng Samahan.

ARTIKULO VII
GRUPO NG MGA KAWANI

SEKSIYON 1. Bubuuin ang mga Grupo ng Kawani sang-ayon sa grupo o Dibisyon na kanilang kinaaaniban tulad mga kawani ng maintenance, production, admin, at commercial na kung saan sila ay permanenteng magkakasama at nakatalaga.

SEKSIYON 2. Maghahalal ng dalawang pinuno ang bawat grupo na siyang magiging kinatawan nila sa Konseho ng Samahan.

SEKSOYON 3. Mayroong buwanang pagpupulong ang mga kinatawan ng bawat Grupo ng Kawani at ng Konseho ng Samahan upang pag-usapan at talakayin ang mga programa at balakin para sa kaunlaran ng Samahan bilang pagtugon nito sa pangkalahatang programa. Tatlong (3) araw bago ganapin ang nasabing pagpupulong, ipaaabot sa lahat ang lugar at adyenda ng pagpupulong. Ang paanyaya sa pulong ay isasagawa ng kinatawan ng Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 4. Ang pamunuan ng Grupo ng mga Kawani ay may tungkulin na :

a. Magdetalye at magpatupad ng kabuuang programa ng Samahan.
b. Magtatag ng mga katugma o kaugnay na Lupon ng mga nakatayong Lupon upang masiguro ang tiyak na daluyan at ugnayan ng mga plano ng mga nabanggit na Lupon.
k. Regular na magsagawa ng pagpupulong sa mga kasapi ng Grupo ng mga Kawani sa tulong mga kinatawan ng Konseho ng Samahan upang maipatupad at maisagawa ang mga balakin at matalakay ang antas ng hinahangad na pag-unlad ng Samahan.
d. Palagiang mag-ulat sa Konseho ng Samahan kaugnay ng mga isinasawang hakbang at pagkilos paara sa pagpapatupad ng mga programa at plano ng Samahan.
e. Gumanap sa iba pang tungkulin na iaatas ng Pangulo at ng Konseho ng Samahan.

ARTIKULO VIII
REGULAR NA LUPON

SEKSIYON 1. Ang mga Regular na Lupon ay itinayo upang mabigyang pansin ang mga pangunahing usapin sa pangangasiwa ng Samahan tulad ng sa Organisasyon, Pananalapi, Edukasyon, Hinaing at Arbitrasyon, Collective Negotiation Agreement at Kagalingang Pangkababaihan, bilang pagtugon sa mga pangunahing adhikaing ng Samahan pangunahin ang kapakanan ng bawat kasaping kawani.

SEKSIYON 2. Ang Lupon sa Organisasyon ay may mga tungkuling sumusunod;

a. Magpanukala at magpatupad ng mga programa at patakaran na makakatulong sa pagpapalawak, katatagan at konsolidasyon ng Samahan.
b. Alamin at pag-aralan ang mga suliraning pang-organisasyon, magmungkahi at magpatupad ng mga hakbangin upang malutas ang mga nasabing sulirain.
k. Magsumite ng regular na ulat sa Konseho ng Samahan.
d. Gumanap sa iba pang pang-organisasyong gawain na iaatas ng Pangulo at ng Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 3. Ang Lupon sa Edukasyon ay may mga tungkuling sumusunod;

a. Sa tulong ng Lupon sa Organisasyon, magsagawa ng pag-aaral at mga hakbangin para sa higit na mapataas at mapalago ang antas ng kamulatan ng mga kasapi ng samahan sa pamamagitan ng mga programa sa edukasyon.
b. Pangunahan at pamunuan ang pagbubuo ng pahayagan ng samahan na siyang magpapalaganap ng ibat-ibang uri ng programang pangkabatiran para sa hanay ng mga kasapi at lahat ng kawani ng SCWD.
k. Magsumite ng regular na ulat sa Konseho ng Samahan.
d. Gumanap ng iba pang gawaing iaatas ng Pangulo at ng Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 4. Ang Lupon sa Pananalapi ay may mga tungkulin na:

a. Mag-aral at magbalangkas ng mga programa sa pananalapi ng Samahan, mula sa pangingilak at paggastos nito at sa pagkakaroon ng mahusay at maayos na pagtatala.
b. Pangunahan ang pagpapatupad ng mga programa sa pananalapi ng Samahan.
k. Magsumite ng regular na ulat sa Konseho ng Samahan.
d. Gumanap sa iba pang mga gawain na iaatas ng Pangulo at ng Konseho ng Samahan.

a. Mag-aral at magbalangkas ng mga programang makakatulong sa paglutas ng mga hinaing ng mga kasapi ng Samahan.
b. Pangunahan ang makatarungang pamamaraan sa paglutas ng mga alitan o sigalot sa pagitan ng mga kasapi, pagtulong sa sino mang kasapi na inaakusahan o kinakasuhan ng pamunuan ng tanggapan at tulungan ang kasaping maghain ng hinaing o reklamo laban sa paglabag sa mga karapatang ng isang kawani.
k. Magsumite ng regular na ulat sa Konseho ng Samahan.
d. Gumanap sa iba pang gawain na iaatas ng Pangulo at ng Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 6. Ang Lupon sa Collective Negotiation Agreement ay may mga tungkuling:

a. Mangalap ng impormasyon at magsagawa ng pagsasaliksik at pag-aaral sa operasyon ng SCWD at gayun sa mga lahat ng mga umiiral na batas upang maging batayan sa pagbuo ng isang mungkahi para sa pakikipagnegosasyon at pakikipagkasundo sa pamunuan ng SCWD para sa kapakinabangan ng lahat ng kasapi ng Samahan.
b. Pamunuan ang paghahanda hanggang sa pakikipagnegosasyon sa pamunuan ng tanggapan upang makamit ang makatarungang Collective Negotiation Agreement.
k. Sa kabuuang panahon umiiral ang kasunduan ng CNA, mula 3 hanggang 5 taon, ang Lupon ang siyang magbabantay at mangunguna sa pakikipaglaban upang lubusang maipatupad at makamtan ang bawat itinatakdang probisyon ng kasunduang ito.
d. Magsumite ng regular na ulat sa Konseho ng Samahan.
e. Gumanap sa iba pang gawin na iaatas ng Pangulo at ng Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 7. Ang Lupon sa Kagalingang Pangkababaihan ay may mga tungkuling:

a. Manguna sa pagbuo ng mga programa para sa lubusang maipahayag at mapatampok ang kahalagahan ng kababaihan bilang mga kawani na may pantay na karapatan tulad ng mga kalalakihang kawani.
b. Manguna sa pagpapatupad ng mga gawain na naglalayong burahin ang maling pananaw at kaisipan na ang mga kababaihan ay sekondaryo lamang sa mga kalalakihan at laging nasa ilalim ng impluwensiya nito.
k. Magsumite ng regular na ulat sa Konseho ng Samahan.
d. Gumanap ng ibang gawain na iaatas ng Pangulo at ng Konseho ng Samahan.

ARTIKULO IX
KORUM

SEKSIYON 1. Alin mang pagpupulong na isasagawa ng ibat-ibang lupon ng Samahan at istraktura nito at mga desisyon na kanilang mapagkakaisahan, magkakaroon lamang ito ng bisa kung mayroong 50% bahagdan at karagdagang isa (50% + 1) ng kabuuang bilang ng mga kasapi na dumalo at nakiisa sa pagpupulong.

ARTIKULO X
PANANALAPI

SEKSIYON 1. Ang bawat kasapi ay nararapat na magbayad ng halagang P50.00 bilang kasapi at buwanang butaw na P30.00. Ang buwanang butaw ay awtomatikong kakaltasin sa sahod ng kasapi tuwing ika-15 at ika-30 ng bawat buwan.

SEKSIYON 2. Ang bangkong paglalagakan ng pananalapi ng Samahan ay isang bangkong matatag at tinatangkilik ng ating tanggapan at mga kawani nito. Ang opisyal na transaksiyon sa bangkong ito ay isasagawa ng Pangulo at Ingat-Yaman ng Samahan.

SEKSIYON 3. Magkakaroon ng din ng espesyal na kontribusyon ang lahat ng kasapi ng Samahan upang tulungan ang mga kasaping namatayan ng malapit na kasambahay (Immediate Relative). Ang halaga ng kontribusyon ay pagpapasiyahan ng Pangkalahatang Kapulungan.

SEKSIYON 4. Magkakaroon din ng espeyal na kontribusyon ang bawat kasapi para sa mga kasamahan na magreretiro na sa gawain. Ang halaga ng kotribusyon ay pagpapasiyahan ng Pangkalahatang Kapulungan.

SEKSIYON 5. Ang Konseho ng Samahan, sa pamamagitan ng Ingat-Yaman at Tagasuri, ay maglalabas ng talang pampinansiyal tuwing ikatlong buwan. Ang tala at ulat ng pananalapi ay palagiang bukas sa lahat ng kasapi at sa mga may gustong suriin ito.

ARTIKULO XI
HALALAN

SEKSIYON 1. Ang Konseho ng Samahan ay magtatatag ng Lupon sa Halalan, tatlumpung (30) araw bago ganapin ang halalan. Ang mga tungkulin ng Lupon na ito ay ang mga sumusunod:

a. Magbalangkas at magpatibay ng mga batas at alituntunin upang matiyak ang isang malaya, maayos at malinis na halalan.
b. Magpasiya sa mga tanong at protesta kaugnay sa halalan sang-ayon sa mga napagtibay na alituntunin ng halalan.
k. Iproklama ang nagwaging kandidato sa nasabing halalan.

SEKSIYON 2. Ang Lupon sa Halalan ay bubuuin ng isang Tagapangulo at dalawang Kagawad na manggagaling sa mula sa kasaping may mabuting katatayuan sa Samahan. Hindi maaaring mahalal sa Konseho ng Samahan ang mga tumatayong kasapi ng Lupon sa Halalan.

SEKSIYON 3. Ang Lupon sa Halalan ay kusang mabubuwag tatlumpung (30) araw matapos iproklama ang mga nanalong kandidato sa halalan.

SEKSIYON 4. Ang regular na halalan ay gaganapin sa huling Biyernes ng Enero tuwing ikatlong (3) taon. Maaaring magpatawag ng espesyal na halalan sa pamamagitan ng petisyon mula sa bumubuo ng dalawa/katlong (2/3) bahagdan ng kabuuang bilang ng mga kasapi ng Samahan. Ang halalan ay gagawing sa sikretong botohan.

ARTIKULO XII
PAGPAPATALSIK SA KATUNGKULAN

SEKSIYON 1. Upang mapatalsik ang sinumang pinuno ng Samahan sa tungkulin, marapat na maganap ng mga sumusunod na kadahilanan:

a. Tuwirang paglabag sa probisyon ng Saligang batas ng BBK-SCWD.
b. Di pagtupad at pagtataguyod sa mga layunin at interes ng Samahan at di pagtupad sa kanyang sinumpaang tungkulin.
k. Napatunayan at nahatulang nagkasala sa mga kasong kriminal at administratibo na nilitis sa korte.

SEKSIYON 2. Ang sinumang kasapi ay maaaring maghain ng pagpapatalsik sa tungkulin sa sinumang pinuno ng Samahan sa pamamagitan ng pagsusumite sa Konseho ng Samahan ng isang nakasulat na reklamo o hinaing.

SEKSIYON 3. Magbubuo ng lima (5) kataong Lupon mula sa Konseho ng Samahan upang siyang mag-imbestiga at mag-aral sa niloloobang dalawang (2) linggo ukol sa kasong isinampa laban sa nasabing Pinuno.

SEKSIYON 4. Matapos ang pag-aaral ng Lupon, magpapatawag ng isang espesyal na pulong ang Pangkalahatang Kapulungan upang mapag-aralan at mapagpasiyahan ng buong samahan ang tungkol sa kasong isinampa. Ang botong dalawa/katlong bahagi (2/3) ng buong kasapi ng Pangkalahatang Kapulungan na dumalo sa pagpupulong na iyon ay sapat na upang mapatalsik ang isang Pinuno.

ARTIKULO XIII
PISKAL NA TAON

SEKSIYON 1. Ang piskal na taon ng samahan ay maysisimula sa ika-25 ng Hulyo 2008, ang araw, buwan at taon ng pagkakatatag at magtatapos sa ika-25 ng Hulyo 2009.

ARTIKULO XIV
PAGSUSOG

SEKSIYON 1. Ang anumang susog o pagbabago sa Saligang Batas ng Samahan ay maaaring ipanukala ng hindi bababa o kukulangin sa dalawa/katlong (2/3) bahagdan ng mga bumubuo sa Konseho ng Samahan.

SEKSIYON 2. Ang panukalang susog o pagbabago sa Saligang Batas ay agad magkakabisa matapos pagtibayin ng mayorya ng mga kasaping dumalo sa ginanap na pagpupulong para sa pagsususog.

SEKSIYON 3. Ang pagsususog ng Saligang Batas na ito ay maaaring isagawa tuwing ika-4 na taon.

ARTIKULO XV
PAGKAKABISA

SEKSIYON 1. Ang Saligang Batas na ito ay agad magkakabisa matapos pagtibayin ng lahat ng mga dumalong kasaping bumubuo sa Pangkalahatang Kapululungan .

PINAGTIBAY ngayong ika-25 ng Hulyo 2008 sa Santa Cruz, Laguna ng lahat ng mga kasaping dumalo at nakulagda sa pagtatatag at pagratipika ng Saligang Batas na ito.

MELCHOR LALONG-ISIP

NIMFA V. RHOLADA

CARMELITA P. RESURRECCION

ANA LIZA R. CUVIN

ROMUALDO V. DE SILVA

RUBEN A. FUENTES

WINNIE DC. SALVA

ANTONIO B. LIMONGCO

JANET SJ. GUTIERREZ

MANDY E. TOBIAS

MA. RELIZA L. CHING

GLORIA M. PASSION

JUAN C. SANTOS, JR.

ANABEL M. ALCANTARA

GLENDA SJ. MANGANTI

OSCAR G. CRUZ

WINNIE DC. SALVA

ANTONIO B. LIMONGCO

ALFREDO D. GONZALES

ROMANO B. RODRIGUEZ

ALLAN T. CHAN

DAVE F. ORTEGA

REYMOND OBLEPIAS

ENGR. ALVIN A. SANTIAGO

ROYIM SAN JUAN

ANICETO S. LANGCAUON

JOMMEL D. SANTOS

REYNARIO G. CRUZ

JEFFREY RESURRECCION

ALLAN CASTILLO

NOLY CHAN

ERWIN ESTORNINOS

FREDDIE CLEMENTE

GLENDA SJ. MANGANTI

OSCAR G. CRUZ

BERNARDINO BOLAGAO

RONNEL M. VILLASIS

ROBERTO B. AQUINO, JR.

RODERICK L. MARANAN

PETER PAUL M. PASSION

EDMUND R. QUILAPIO

ED RITCHEL R. LIM

NELSON B. BESILOS

RAMVIL V. RAMOS

EFREN SANTOS

NORIEL ABACAN

RALPH JOHN DELA CRUZ

GLEN JOSEPH REOLADA

EMMANUEL ESTORNINOS

DOMINADOR TELAN

SINUMPAAN AT NILAGDAAN sa Lungsod ng Nagayong ika-5, ng Agosto, 2008 dito sa Sta. Cruz, Laguna.

ANORLITO A. ALVARO
Notary Public
Until December 31, 2008
PTR No. 6338561, 1-03-08
Los Baños, Laguna
IBP No. 656098, Roll
No. 11990

Doc. No. 66;
Page No. 14;
Book No. 58;
Series of 2008.